## Nagpabakuna ako para sa TB vaccine (BCG) sa aking bansang sinilangan.

## Pwede pa ba akong magka_TB?




Ang mga taong nagpabakuna na sa TB ay maaari pa ring magkaroon ng TB

Ang proteksyon ng bakuna sa TB **ay nawawala sa paglipas ng panahaon**

Kahit nabakunahan ka na, ang isang positibong pagsusuri sa dugo ay nangangahulugan na mayroong kang LTBI

Ang pag-inom ng **gamot na LTBI** ay **magpoprotekta sa iyo mula sa aktibong TB**

## Ang pagkakaroon ba ng LTBI ay magpapaantala sa aking aplikasyon sa imigrasyon?

**Ang pag-inom ng gamot para sa LTBI ay HINDI makapagpapabagal sa iyong aplikasyon sa imigrasyon**

Ang iyong doktor sa imigrasyon ay ipapaalam sa iyong lokal na kagawaranan ng kalusugan na mayroon kang LTBI

Ang lokal na kagawaran ng kalusugan ay maaaring makipag-usap sa iyo **para magbigay ng suporta**

COUNTY OF LOS ANGELES
**Public Health**
Tuberculosis Control Program

# Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng nakatagong impeksiyon sa tuberkulosis (latent tuberkulosis infection (LTBI) para sa akin?



**Pwede mong gamutin ang at mapigilan na ikaw at ang iyong mga mahal sa buhay na magkasakit**

TB free CALIFORNIA

CTCA CALIFORNIA TUBERCULOSIS CONTROLLERS ASSOCIATION

CDPH California Department of PublicHealth

## Ano ba ang LTBI?
## Paano ko ito nakuha?

Ang LTBI ay isang impeksyon na mayroong mga mikrobyo ng TB na nakatago (o natutulog) sa iyong katawan

Nakuha mo ang LTBI mula sa **hangin na nalalanghap** kasama ng taong may sakit na TB


**Pwede kang magkaroon ng LTBI kahit nagpabakuna ka na para sa TB vaccine (BCG)**

### Maraming pagkakaiba sa pagitan ng LTBI at aktibong TB:

| Ang taong may **LTBI:** | Ang taong may **aktibong TB:** |
|---|---|
| Hindi nakakaramdam ng sakit | Maaaring makaramdam ng sakit |
| May normal na x-ray sa dibdib | Maaaring magkaroon ng abnormal na X-ray |
| **Hindi maikakalat ang TB** na mga mikrobyo sa iba | **Maaaring maikalat ang TB** na mga mikrobyo sa iba |
| Ang pagpapagamot ay maaaring makapigil sa aktibong TB | Ang paggamot ay maaring makapagpagaling sa aktibong TB |
| **Ang paggamot ay mas maikli (3-4 na buwan) at mas madali** | **Ang paggamot ay mas mahaba (6-12 buwan o higit pa)** |

## Bakit dapat kong inumin ang gamot para sa LTBI?

**Kung hindi mo iinumin ang gamot para sa LTBI,**
**Maaari itong maging aktibong TB**




Ang aktibong TB ay isang **seryosong sakit**



**Kalahati** ng mga tao na mayroong TB **ay nahohospital**



**1 sa 6** na mga tao na mayroong aktibong TB ay **namamatay sa loob ng 5 taon**

## Paano ko makukuha ang gamot para LTBI?

**Tanungin ang doktor sa imigrasyon** fkung maaari silang umorder ng gamot para sa iyo

Kung hindi, **pumunta sa iyong regular na doktor at hilingin sa kanila na umorder ng gamot** para sa iyo (dalhin ang mga papeles ng iyong pagsusuri sa dugo)

Maaari mo ring kontakin ang iyong lokal na kagawaran ng kalusugan para isangguni ka sa klinika para sa pagpapagamot

**Kung hindi mo iinumin ang gamot, mayroong kang 1 sa 10 tsansa** na ang iyong LTBI ay magiging aktibong TB

**Protektahan ang iyong sarili mula sa pagkakaroon ng aktibong TB at pagkalat nito sa iyong mga mahal sa buhay**